

Mga Panuto sa Waiver ng Kahirapan

Sa mga napakatiyak na sitwasyon, ang mga kabayaranang may kaugnayan sa bayarin sa ambulansya ay maaaring ma-waive, na nakabatay sa mga sumusuportang pinansyal na dokumento at pahintulot ng Abogado ng Lungsod. Ang sumusunod ay mga panuto kung paano kumpletuhin ang form ng waiver ng kahirapan.

1. Pakikumpleto ang Form ng Deklarasyon ng Kahirapan sa pamamagitan ng pagta-type ng iyong impormasyon o pag-print ng form at pagsulat ng iyong impormasyon.
2. Sa form kung saan ito nakalagay, isulat ang “pangalan ng pasyente.”
3. Sa katawan ng form, pakisaad ang lahat ng dahilan kung bakit hindi mo mabayaran ang mga kabayaraang pinagkakautangan mo sa Lungsod ng Long Beach. Mangyaring magbigay ng mas maraming detalye hangga’t maaari na nagpapaliwanag kung bakit hindi mo mabayaran ang halaga ng pagkakautang, tulad ng kawalan ng trabaho, medikal na kondisyon o mga katulad. Gayundin, pakilagay ang halagang kaya mong bayaran, kung mayroon.
4. Sa baba ng form kung saan ito nakalagay, isulat ang “petsa” kung kailan nakumpleto ang form. Gayundin, isulat ang pangalan ng “lungsod” kung saan nakumpleto ang form.
5. Isulat ang “run number” sa nakalaang puwang. Ang run number ay makikita sa bill, sa ilalim ng pangalan ng pasyente sa itaas na kaliwang bahagi ng bill.
6. Pakilagdaan ang deklarasyon sa nakalaang puwang. Ang lagda ay maaaring sa pasyente, guarantor o magulang o gabay ng pasyente. Sa paglagda sa deklarasyong ito, pinahihintulutan mo rin ang mga empleyado ng Lungsod ng Long Beach na humingi at suriin ang kasaysayan ng iyong utang mula sa mga serbisyong nag-uulat ng utang.

Ibalik ang mga sumusunod ng dokumento sa Lungsod ng Long Beach

1. Nakumpletong Form ng Deklarasyon ng Kahirapan
 2. Kopya ng iyong huling IRS W2 form (form ng pederal na buwis ng Estados Unidos na ibinigay ng mga employer na naglalaman ng mga kinita ng empleyado).
 3. Kopya ng iyong pinakahuling bank statement.
- Huwag mag-atubiling ma-redact ang iyong numero ng social security at/o numero ng bank account mula sa anumang dokumentasyong isinumite at ang pagsasagawa nito ay hindi salungat na makaaapekto sa pagsasaalang-alang ng iyong hiling.

Ibalik ang mga kinakailangang dokumento sa Lungsod sa pamamagitan ng email sa AmbulanceBilling@LongBeach.gov, o i-koreo sa Lungsod ng Long Beach, Attn: Ambulance Billing, P.O. Box 22600, Long Beach, CA 90801.

Kung mayroon kang mga katanungan, pakikontak kami:

- Tawagan kami sa (562) 570-7600, piliin ang opsyon #4,
- I-email ang mga katanungan sa AmbulanceBilling@LongBeach.gov, o

- Bumisita sa Seksyon ng Bayarin sa Ambulansya ng Munisipyo sa 333 West Ocean Blvd., Lobby Level, Long Beach, California, Lunes hanggang Biyernes, 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m.